{Nagtagubilin sa akin ang kaibigang matalik ko (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng tatlo: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, dalawang rak`ah ng [ṣalāh na] ḍuḥā, at na magsagawa ako ng [ṣalāh na] witr bago ako matulog.}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagtagubilin sa akin ang kaibigang matalik ko (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng tatlo: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, dalawang rak`ah ng [ṣalāh na] ḍuḥā, at na magsagawa ako ng [ṣalāh na] witr bago ako matulog.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na ang mahal niya at ang kasamahan niya, ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtagubilin sa kanya ng tatlong gawain: 1. Pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan. 2. Dalawang rak`ah ng [ṣalāh na] ḍuḥā bawat araw. 3. Pagsasagawa ng [ṣalāh na] witr bago matulog at iyon ay ukol sa sinumang nangangamba na hindi magising sa huling bahagi ng gabi.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4538